Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

**FDA ADVISORY**
No: 2022-1291-A

15 JUL 2022

**PARA** : **PANGKALAHATANG PUBLIKO**

**PAKSA** : **Hindi Awtorisado at Lantarang Pag-Gamit ng FDA Advisory Template sa Pag-Rekomenda ng Produktong Pangkalusugan**

---

Naiparating sa aming ahensya ang pag-gamit ng isang food supplement ng opisyal na *template* na inilalabas tuwing may FDA Advisory, at pinalitan ito ng "**FDA Recommendation**" na nagsasabing ang kanilang produkto ay inirerekomenda ng FDA upang gamitin ng publiko.

Nais naming paalalahanan ang publiko na ang **FDA ay hindi kailanman nagrekomenda o magrerekomenda nang pag-gamit ng anumang tatak ng isang produktong pangkalusugan**. Pinangangalagaan ng ahensya ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pag-iisyu ng *License to Operate* at *Certificate of Product Registration/Notification* sa mga establisyemento at produktong pangkalusugan na nag-*apply* at napatunayang sumunod sa patakaran at alintuntunin ng ahensya. Ang *FDA Advisory* ay ginagamit lamang ng ahensya sa paglabas ng mga opisyal na anunsyo, abiso, at pagbibigay alerto o babala sa publiko at mga kliyente nito at hindi sa pag-endorso ng anumang produkto.

Ang publiko ay pinaaalalahanan na maging maingat at mapanuri sa mga bibilhin o gagamiting produktong pangkalusugan. Maaaring gamitin ang **FDA Verification Portal** (https://verification.fda.gov.ph/Home.php) upang maberipika kung ang establisyementong gumawa o nagbebenta ay may LTO sa FDA, at kung ang produkto ay rehistrado o notipikado sa ahensya. Gayundin ang pagsusumite ng *report* sa mga establisyemento o produktong napag-alaman o hinihinalang hindi sumusunod sa mga alintuntunin ng ahensya sa pamamagitan ng pag-*email* sa **ereport@fda.gov.ph** upang akma itong maaksyunan.

**DR. OSCAR G. GUTIERREZ, JR.**
Officer-in-Charge, Director General

DTN: 20220628092218

Civic Drive, Filinvest Corporate City, Alabang 1781 Muntinlupa, Philippines
Trunk Line +63 2 857 1900 Fax +63 2 807 0751
Website: www.fda.gov.ph Email: info@fda.gov.ph

Management System ISO 9001:2015
TÜVRheinland CERTIFIED
www.tuv.com ID 9105073396